



Kodigo ng Paggawi sa Negosyo ng KBR



Mga Tao Tayong May Integridad



Talaan ng Nilalaman

Isang Mensahe Mula Kay Stuart Bradie, Presidente at Chief Executive Officer

2

Mga Tao Tayong May Integridad

3

Ang Ating Vision at Paninindigan

4

Ang Ating Kodigo ng Paggawi

5

Ang Ating mga Responsibilidad

6

Paano Tayo Nagdedesisyon

7

Paano Tayo Humihingi ng Tulong, Nagsasalita, at Nagtatanong

8

Nirerespeto Natin ang Pagiging Anonymous at Kumpidensyal

9

Hindi Natin Kinukunsinti ang Paghihiganti

9

Pagpapahalaga sa Isa't Isa

10

Iniingatan Natin ang Ating mga Empleyado at Kontratista na Malusog at Ligtas

11

Itinataguyod Natin ang isang May Respetong Lugar ng Trabaho

12

Maluwag Nating Tinatanggap ang Inclusion at Diversity

14

Pagsasakatuparan Nang May Integridad

15

Iniiwasan Natin ang mga Pagkakasalungatan ng Interes

16

Iniiwasan Natin ang Panunuhol at Katiwalian

18

Nagbibigay at Tumatanggap Tayo ng mga Pagpapakita ng Kagandahang-loob sa Responsableng Paraan

20

Nagsasagawa Tayo ng Internasyonal na Negosyo at Kalakalan Nang May Integridad

21

Nakikipagkumpitensya Tayo Nang Patas

22

Nagsasagawa Tayo ng Trabaho Nang Matapat

23

Pagpapahalaga sa Ating mga Napakahalagang Asset

24

Pinoprotektahan Natin ang Privacy at Personal na Impormasyon

25

Iniingatan Natin ang Ating Reputasyon

26

Pinoprotektahan Natin ang Kumpidensyal at Pinagmamay-ariang Impormasyon

27

Iniiwasan Natin ang Insider Trading

28

Pagsasakatuparan Nang May Transparency

29

Nagtatrabaho Tayo sa Etikal at Transparent na Paraan Kasama ng mga Customer sa Gobyerno

30

Nagtatrabaho Tayong Kasama ng mga Supplier at Third Party sa Etikal na Paraan

31

Nagpapanatili Tayo ng mga Tumpak na Record at Account

32

Pagpapahalaga sa Ating mga Komunidad

33

Nagtatag Tayo ng Sustainable na Hinaharap

34

Iginagalang Natin ang mga Karapatang Pantao

35

Nakikisangkot Tayo sa Ating mga Komunidad

36

Mga Mapagdudulugan at Pag-uulat

37



Stuart Bradie

Presidente at CEO

Isang Mensahe Mula Kay Stuart Bradie, Presidente at Chief Executive Officer

Sa KBR, bumuo tayo ng isang napakagandang reputasyon para sa pagbibigay ng mga solusyon sa ating mga customer, at palaging sinisikap ng mga empleyado na gawin ang lahat ng kanilang makakaya. Ang pagbibigay ng ating pinakamahusay ay nangangahulugan ng pagsasakatuparan nang may integridad. Ang integridad ay nangangailangan ng katapatan, at ang katapatan naman ay bumubuo ng tiwala.

Ang ating Kodigo ng Paggawi sa Negosyo (ang "Kodigo") ay napakahalaga sa kung nakikipag-ugnayan ang isang team ng mga team sa buong mundo sa palibot natin at bilang resulta, sa ating tagumpay. Naaayon ang Kodigo sa ating Paninindigan na ONE KBR, at, partikular na, ginagabayan tayo ng "Mga Tao Tayong May Integridad" sa lahat ng ating ginagawa.

Pinahusay ang Kodigo ng KBR para magbigay sa lahat ng empleyado ng praktikal na gabay para sa mga pang-araw-araw na sitwasyon sa negosyo. Nagbibigay ang ating Kodigo ng partikular na gabay na nalalapat sa bawat isa, anuman ang negosyo, rehiyon o departamento. Napakahalaga na sundin natin ito para higit pang pahasayin ang ating kultura ng integridad at para pangalagaan ang ating mga sarili at ang kumpanya.

Gayunpaman, maaaring hindi masaklawan ng Kodigo ang lahat ng sitwasyon, at iyan ang dahilan kung bakit dapat tayong magabayan ng ating pinaninindigan, at, partikular na, ng integridad. Buong puso akong nangangakong magtutuo sa pagtataguyod ng isang kultura kung saan nadarama ng mga empleyado na binibigyang-daan silang mag-ulat ng anumang alalahanin tungkol sa posibleng maling paggawi o mga pag-uugali na salungat sa ating Kodigo at sa ating mga pinaninindigan nang hindi natatakot na mapaghigantihan para agad matugunan ang anumang isyu.

Posibleng may mga pagkakataon kung saan may tanong ka tungkol sa isang partikular na pagsunod o may inaalala kang mga etikal na usapin. Humingi ng payo o paglilinaw mula sa manager mo o mula sa mga mapagdudulugang nakalista sa ating Kodigo. Ang KBR Ethics Hotline ay isa sa mga mapagdudulugan na nagbibigay-daan sa iyo na makipag-ugnayan sa Business Integrity Team nang kumpidensyal o anonymous.

Ipinagmamalaki ko ang KBR, at ang mga pinaninindigan nito at na Mga Tao Tayo ng Integridad araw-araw. At umaasa akong patuloy tayong lahat na sama-samang magtatrabaho nang may pinakamatataas na pinaninindigang etikal nang sa gayon ay matupad natin ang ating mga pangako sa ligtas at sustainable na paraan at suportahan natin ang isa't isa at ang ating mga customer sa ngayon at sa hinaharap.

Mga Tao Tayong May Integridad

- Ang Ating Vision at Pinaninindigan
- Ang Ating Kodigo ng Paggawi
- Ang Ating mga Responsibilidad
- Paano Tayo Nagdedesisyon
- Paano Tayo Humihingi ng Tulong, Nagsasalita at Nagtatanong
- Nirerespeto Natin ang Pagiging Anonymous at Kumpidensyal
- Hindi Natin Kinukunsinti ang Paghihigante

Ang Ating Vision at Pinaninindigan

Nagsisikap tayong gumawa ng mas ligtas, mas secure at sustainable na mundo sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng pinakamahuhusay at pinakamatatalino para maghatid ng teknolohiya at mga solusyon na tumutulong sa ating mga customer na maisakatuparan ang mga pinakamahalaga nilang misyon at layunin.

Ang ating pinaninindigan ay ang mga mahahalaga at matagal nang prinsipyo na nagpapatakbo sa mga pang-araw-araw nating aktibidad sa negosyo at representasyon natin bilang isang kumpanya.

Pinapahalagahan Natin ang Ating mga Tao


Ang ating mga tao ang sentro ng lahat ng ating ginagawa. Nakatuon tayo sa paggawa ng mga kapaligiran sa trabaho na may pagkakaiba-iba at inclusive kung saan ang miyembro ng team ng mga team natin ay nakakadama na sila ay ligtas, sinusuportahan, ginagalang, pinagkakatiwalaan at pinapahalagahan, at kung saan ang bawat tao ay binibigyan ng mga oportunidad para sumulong at maabot ang kanilang buong potensyal.

Nagsasakatuparan Tayo ng Ating Pangako

Tayo ang pinagkakatiwalaang partner ng ating mga kliyente. Hindi tayo nagkokompromiso sa ating commitment na maghatid ng innovative, de-kalidad, at pinagagana ng teknolohiya na solusyon para sa kanila, at eksepsiyonal at sustainable na halaga para sa lahat ng ating stakeholder, kung saan ang malakas na komersyal at operasyonal na disiplina ang pundasyon.

Mga Tao Tayong May Integridad

Tayo ay mga taong may karakter, na nagpapahalaga sa katapatan, tiwala, tapang, pagiging patas, pagiging maingat, at determinasyon. Naniniwala tayo na maganda sa negosyo ang paggawa ng kung ano ang tama para sa planeta, sa mga komunidad kung saan tayon naninirahan at nagtatrabaho, at sa ating mga tao. Hindi natin isasakripisyo ang ating integridad.



Nagbibigay-lakas Tayo

Binibigyan natin ng lakas ang lahat ng ating tao na may kapareho nating layunin, ang mga tamang tool at kultura ng pagsuporta na kailangan nila para maging proactive, para maging umaayon sa pagbabago, at para magtagumpay. May tiwala tayo na sa kanilang kakayahang malayang magpasya na hindi takot humarap sa anumang hamon at na may pagmamalaking umaako sa kanilang trabaho.

Tayo ay isang Team ng mga Team

May determinasyon tayong magtagumpay, nang indibidwal at bilang isang kumpanya, pero pinapahalagahan natin ang ating mga nakakamit ng ating team ng mga team kaysa sa ating mga indibidwal na tagumpay. Ang ating sama-samang focus ang nagbibigay ng lakas sa ating operasyonal na kahusayan, nagtutulak sa ating mithiing makapaghatid sa ating mga customer, at gumagawa sa ating mas mahusay, mas malakas, mas epektibo, at mahusay na kumpanya. Tayo ay ONE KBR.

Ang Ating Kodigo ng Paggawi

Ang ating Kodigo ng Paggawi sa Negosyo ay nagtatatag ng isang hanay ng mga etikal na pamantayan at legal na prinsipyo para sa lahat na nagtatrabaho para sa o sa ngalan ng KBR. Isinasagawa natin ang ating negosyo alinsunod sa ating Kodigo at sa lahat ng naaangkop na batas. Inaasahan din natin ang ating mga partner sa negosyo na nagtatrabahong kasama o sa ngalan ng KBR na sumunod sa mga katulad na etikal na pamantayan.

Ang Kodigo ay nagsisilbing gabay para sa kung paano tayo nagsasagawa ng negosyo at sa pakikipag-ugnayan natin sa ating mga customer, sa ating komunidad at sa isa't isa.

Kung hindi natin ito isinasagawa nang may integridad, hindi natin ito isinasagawa sa tamang paraan!

Ang anumang paglabag sa Kodigong ito o sa batas ay maaaring magresulta sa pangdisiplinang aksyon, na hanggang at kasama ang pagkakatanggal sa trabaho. Basahin, unawain, at sundin ang ating Kodigo. Makibahagi sa anumang pagsasanay na kaugnay ng ating Kodigo, at alamin kung paano ito nalalapat sa ating tungkulin sa KBR. Bilang ONE KBR, nakadepende ang ating integridad sa pamumuhay sa ating Kodigo.





Ang Ating mga Responsibilidad

Reponsibilidad nating lahat ang kumilos alinsunod sa ating Kodigo.

Bilang mga empleyado, tayo ay:

- Kumikilos nang matapat at nang etikal sa lahat ng pakikipagnegosyo
- Sumusunod sa lahat ng naaangkop na batas at sa Kodigo, pati na sa mga patakaran at proseso ng KBR
- Agad nag-uulat ng anumang paglabag sa Kodigo sa isang manager, [People Function](#) (Human Resources), [Legal Department](#), [Business Integrity Team](#) o sa Ethics Hotline sa www.ethics.kbr.com
- Humingi ng gabay mula sa isang manager o sa [Legal Department](#) kapag napapaharap sa isang etikal o legal na hamon, o nakikipag-ugnayan sa [Ethics Hotline](#), kung saan tayo makakapagtanong sa ilalim ng Question Manager function

May mga karagdagang responsibilidad ang mga supervisor. Kabilang dito ang:

- Pagiging huwaran sa etikal na paggawi
- Pagtataguyod ng etikal na kultura at mga desisyon na batay sa integridad
- Pagtataguyod ng bukas na komunikasyon at paggawa ng kapaligiran kung saan komportable ang mga empleyado na magsalita tungkol sa mga alalahanin
- Pagbibigay ng gabay at feedback bilang tugon sa mga tanong at alalahanin
- Pagkaalam sa kung kailan dapat mag-report ng mga paglabag, mag-escalate ng mga isyu o humingi ng tulong mula sa mga eksperto ng kumpanya
- Pagsigurong walang empleyado ang napaghihigantihan dahil sa pag-report ng mga posibleng paglabag sa Kodigo o batas

Paano Tayo Nagdedesisyon

Hindi laging madali o malinaw ang paggawa ng kung ano ang tama. Ang Kodigo ay isang kapaki-pakinabang na tool, pero hindi ito makakapagbigay ng gabay para sa lahat ng sitwasyon. Kaya, ang mga desisyon sa negosyo ay dapat palaging nakabatay sa integridad.



Mag-click sa mga sagot sa ibaba para gabayan ka sa paggawa ng mga desisyong nakabatay sa integridad.

Posible bang nilalabag ng pagkilos na ito ang anumang batas o mga regulasyon?

Nakaayon ba ang pagkilos na ito sa ating Kodigo, mga patakaran at proseso?

Nakaayon ba ang pagkilos na ito sa mga pinaninindigan ng KBR at isusulong ba nito ang ating misyon at mas pagagandahin ang ating reputasyon?

Puwede bang makasama ang pagkilos na ito sa ating mga kaugnayan sa mga customer o partner sa negosyo?

Kung mabunyang ang pagkilos na ito, maipapakita ba nito na kumilos ako nang may integridad?
Magiging komportable ba ang aking pakiramdam kung malaman ng publiko ang tungkol sa pagkilos na ito?

Paano Tayo Humihingi ng Tulong, Nagsasalita at Nagtatanong

Bilang mga tao na may integridad, may obligasyon tayong i-report ang anumang pinaghihinalaang paglabag sa Kodigo, at inaasahan natin mula sa ating mga empleyado at iba pa na magsasalita sila sa pamamagitan ng pag-report sa hindi etikal na pag-uugali at paggawi na hindi naaayon sa ating Kodigo. Nangangahulugan ito ng pagsasabi ng tungkol sa mga alalahanin natin kahit pa hindi tayo sigurado na mayroon tayo ng lahat ng impormasyon. Sa maraming kaso, puwede nating ilapit ang ating mga alalahanin sa isang manager, na siyang makakatulong sa atin na talakayin ang pinakamabuting puwedeng gawin.

Ang KBR Ethics Hotline ay pinapatakbo ng isang independent na kumpanya. Available ito nang 24 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo, sa maraming wika. Puwedeng gamitin ang Ethics Hotline ng sinuman sa loob o sa labas ng KBR para magsagawa ng isang kumpidensyal na report.

Ang Ethics Hotline ay may isang “Question Manager” na feature kung saan puwede tayong magsumite ng mga tanong o humingi ng paglilinaw tungkol sa mga isyu sa pagsunod o etika mula sa Business Integrity Team. Gaya ng mga report ng mga posibleng paglabag, puwedeng isumite ang mga tanong o alalahanin sa Ethics Hotline nang anonymous.

Sa KBR, puwede mong kontakin ang:

- Ethics Hotline (may opsyon para mananatiling anonymous)
 - Web:
 - www.ethics.kbr.com
 - Tumawag sa:
 - United States: (800) 461-9330
 - United Kingdom: 0808 189 1053
 - Para sa mga numero ng telepono sa lahat ng bansa, kumonsulta sa www.ethics.kbr.com
 - I-text ang “Report” sa 832-479-1340 (Available lang sa U.S.)



- Director of Business Integrity sa fhoukbrcode@kbr.com
- Business Integrity Team sa pamamagitan ng koreo:
 - P.O. Box 2464, Houston, TX 77252-2464 USA
- Angkop na kinatawan ng KBR [Legal Department](#); [Audit Services](#); [People Function](#) (Human Resources); [Health, Safety, Security and Environment](#); o iba pang department na nauugnay sa pagsunod
- Ang iyong supervisor o manager
- Miyembro ng Executive Leadership Team



Matuto Pa

[Mga Madalas na Itinatanong \(Frequently Asked Questions o FAQs\) sa Pag-report](#)

Nirerespeto Natin ang Pagiging Anonymous at Kumpidensyal

Puwede kang mag-report ng mga alalahanin o [pinaghihinalaang paglabag sa Kodigo nang may tiwala o nang anonymous. Puwedeng gawin ang mga anonymous na report sa [Ethics Hotline](#) na pinapamahalaan ng isang independent na third party. Kung gagawa ka ng isang anonymous na report sa pamamagitan ng [Ethics Hotline](#), hindi malalaman ng KBR ang pagkakakilanlan mo, pero puwede silang makipag-ugnayan sa iyo sa pamamagitan ng messaging system. Kung pipiliin mong manatiling anonymous, hinihiling naming magbigay ng sapat na detalye at totoong impormasyon para epektibo kaming makapag-follow up tungkol sa iyong alalahanin.

Hindi Natin Kinukunsinti ang Paghihiganti

Dinidikta sa atin ng ating integridad na magsalita tayo. Hindi tayo kailanman gumaganti sa mga nagbabangon ng mga alalahanin nang mabuting intensyon. Umaasa ang ating mga tao at team sa transparency at sa katapatan para makapagtrabaho sa abot ng kanilang makakaya. Hindi natin puwedeng itaguyod ang mga paninindigang iyon sa harap ng pananakot o iba pang negatibong kahihinatnan. Ang gayong gawi ay hindi kinukunsinti sa ating mga lugar ng trabaho, at lubusan tayong nakikipagtulungan sa anumang pagtatanong o imbestigasyon may kinalaman sa mga alegasyon ng maling paggawi.

Hindi kinukunsinti ng KBR ang paghihiganti dahil sa pag-report ng isang potensyal na paglabag sa Kodigo o sa batas. Inaasahan ng KBR na gagawin ang gayong pag-uulat nang may mabuting intensyon. Hindi ito nangangahulugan na dapat mayroon ang nag-report ng lahat ng detalye; dapat makadama ang nag-report ng kalayaang magtanong at mag-report ng anumang isyu na dahilan ng alalahanin nang hindi natatakot na mapaghigantihan. Pero, ang mga report na alam na mali o mapanira ay hindi ayon sa mabuting intensyon at maaaring maging dahilan ng pagdidisiplina.

Puwedeng kabilang sa ipinagbabawal na paghihiganti ang panliligalig o pananakot laban sa mga empleyado at iba pa na nag-report ng mga alegasyon ng maling paggawi o humimok sa iba na mag-report. Ang anumang uri ng mga gawi ng paghihiganti, pagsisikap na himukin ang iba na huwag mag-report, at pagkukubli ng maling paggawi ay hindi naaayon sa ating mga pinaninindigan at puwede magresulta sa pandisiplinang aksyon, pati na pagkakatanggal sa trabaho.

Walang nakasaad sa Kodigo na ito na pumipigil sa mga empleyado na gumamit ng kanilang mga karapatan o tungkulin sa pag-report ng mga posibleng paglabag sa batas sa ibang naaangkop na awtoridad ng gobyerno anumang oras, nang hindi nire-report ang usapin sa, o humihingi nang paunang awtorisasyon mula sa, Kumpanya.





Pagpapahalaga sa Bawat Isa

- Iniingatan Natin ang Ating mga Empleyado at Kontratista na Malusog at Ligtas
- Itinataguyod Natin ang isang May Respetong Lugar ng Trabaho
- Maluwag Nating Tinatanggap ang Inclusion at Diversity

Iniingatan Natin ang Ating mga Empleyado at Kontratista na Malusog at Ligtas

Nakadepende ang tagumpay ng negosyo ng KBR sa kakayahan nitong patuloy na pagandahin ang kalidad ng mga serbisyo na ibinibigay natin, habang pinoprotektahan rin ang kalusugan, kaligtasan, at seguridad ng mga direkta at hindi direktang nagtatrabaho para sa kumpanya. Kinakailangan namin ang aktibong commitment at pananagutan patungkol sa kalusugan, kaligtasan, seguridad, at kapaligiran (health, safety, security and environment o HSSE) mula sa lahat ng empleyado at kontratista. Ang commitment na ito ay para sa kapakanan ng ating mga customer, empleyado, kontratista, stakeholder, at komunidad kung saan tayo nakatira at nagtatrabaho.

Paano Natin Iniingatan ang Ating mga Empleyado at Kontratista na Malusog at Ligtas

- Protektahan at magsikap na pagandahin ang kalusugan, kaligtasan at seguridad ng ating mga empleyado at kontratista sa lahat ng panahon
- Alisin ang mga insidente sa pamamagitan ng Zero Harm culture
- Tugunan ang mga partikular na kinakailangan ng customer at siguraduhin ang patuluyang kasiyahan ng customer
- Itakda ang mga layunin ng HSSE, sukatin ang mga resulta, at i-assess at patuloy na pahusayin ang mga proseso at serbisyo sa pamamagitan ng paggamit ng epektibo sistema ng pamamahala
- Dapat gampanan ng line management ang tungkulin ng pamunuan sa komunikasyon, pagpapatupad, at pagsunod sa patakaran at mga proseso ng HSSE
- Gamitin ang mga teknikal na kakayahan sa lahat ng HSSE na aspeto ng engineering at disenyo
- Bukas na makipag-ugnayan sa mga stakeholder at siguruhin na nauunawaan ang patakaran, programa at mga proseso ng HSSE
- Bigyan ng pagkilala ang napakahusay na pagsasagawa ng HSSE



Zero Harm at Courage to Care

Sa KBR, matapat tayong naniniwala kayang maabot ang Zero Harm. Naniniwala tayong puwedeng mapigilan ang lahat ng insidente sa lugar ng trabaho. Ang ating [Courage to Care Conversation Process](#) ay mahalagang instrumento sa pagbuo ng patuluyang kabatiran sa hindi ligtas na pagkilos sa pamamagitan ng pagmamasiid, pakikisangkot, at pakikipag-usap. Ang layunin ng [Courage to Care Conversation Process](#) ay ang patuloy na suriin ang kapaligiran ng trabaho at mag-focus sa mga tao at sa kanilang mga aksyon.

Ang mga hindi ligtas na gawain ay ang mga gawi ng indibidwal na puwedeng mauwi sa isang insidente. Sa pagmamasiid sa isang hindi ligtas na gawain, kinakailangan ng [Courage to Care Conversation Process](#) sa nagmamasiid na gumawa ng agarang pagkilos, hindi lang para itama ang maling gawain, pero ang sabihin din ang kanilang personal na pamantayan sa kaligtasan. Nagreresulta ito sa pagkaunawa sa panganib at higit pa sa commitment sa kaligtasan mula sa mga indibidwal na naobserbahan at sangkot sa isang hindi ligtas na gawain.



Matuto Pa
[Global HSSE](#)

Itinataguyod Natin ang isang May Respetong Lugar ng Trabaho

Dahil ang ating mga tao ang sentro ng lahat ng ating ginagawa, naniniwala tayong dapat pakitunguhan ang lahat ng empleyado nang may dignidad at respeto. Nangangahulugan ito ng pagkilala sa mga kontribusyon ng bawat isa base sa mga dating nagawa at sa pagbibigay sa lahat ng patas na oportunidad na mag-ambag at magtagumpay sa KBR. Hindi natin kinukunsinti ang anumang uri ng panliligalig o diskriminasyon. Para bigyang-daang ang ating mga team na gawin ang kanilang trabaho sa abot ng kanilang makakaya, pinapanatili natin ang mga kapaligiran sa trabaho kung saan iginagalang ang mga karapatan at abilidad ng lahat.

Paano Natin Itinataguyod ang isang May Respetong Lugar ng Trabaho

- Palaging pakitunguhan ang iba nang may paggalang, nakikipag-ugnayan man sa mga miyembro ng team, sa mga customer o sa ating mga partner sa negosyo
- Maging palaisip sa kung ano ang dating sa iba ng ating mga pagkilos at sinasabi
- Hindi tayo nagtatangi o nakikisangkot sa panliligalig batay sa mga sumusunod:
 - Lahi
 - Kulay
 - Mga relihiyosong paniniwala
 - Bansang pinagmulan o ancestry
 - Sekso, pagbubuntis, sekswal na oryentasyon, kasarian, pagkakakilanlang kasarian, pagpapamalas ng kasarian, o transgender status
 - Pisikal o mental na kapansanan
 - Edad
 - Status bilang beterano o militar
 - Genetic na impormasyon
 - Anupamang status o katangian na protektado ng naaangkop na batas
- Hinding-hindi nanliligalig, nananakot, o nanghihimok sa anuman paraan, pati na sa pamamagitan ng mga sekswal na nagpapahiwatig na komento o may pananakot ng karahasan, hindi paborableng pagkilos tungkol sa trabaho o pangako ng paborableng pagkilos sa trabaho
- Gawin ang lahat ng desisyon sa pag-hire at pag-promote batay sa merit at pagiging patas
- Magsalita kapag nakakaranas tayo o nakaalam ng diskriminasyon, panliligalig, o kawalan ng paggalang sa ating mga lugar ng trabaho





Pag-unawa sa Panliligalig

Bagaman puwedeng sinasadya ang panliligalig, hindi palaging gayon. Ang mahalalaga ay kung ano ang dating ng pagkilos sa iba. Hindi tayo dapat gumawa o magsabi ng anumang bagay na nakakasakit para sa iba. Iba-iba ang anyo ng panliligalig:

- Anumang sinasabi o isinusulat natin, gaya ng mga panlalait o nakakasakit na salita o slurk kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga pinatungkol sa lahi, etnisidad o kasarian ng iba pati na mga seksual na salita o kahilingan, o nananakot o nang-aabusong pananalita
- Anumang ginagawa natin, pati na ang hindi ginustong paghipo o panghaharang sa iba sa daan
- Kung ano ang ipinapakita natin, gaya ng mga seksual o nakakasakit na larawan o website na binuksan sa isang office na computer
- Kung ano ang ipinapadala natin sa pamamagitan ng electronic messaging o social media

Pagbibigay ng mga Sagot

Q Kailan lang ako na-hire bilang miyembro ng strategic development team. Para mai-set up ang aking workspace, nakipag-meeting ako sa isang internal na IT assistant na si Sam. Habang tinutulungan ako ni Sam sa pag-set up ng aking computer, ipinatong ni Sam ang kanyang kamay sa aking hita. Wala akong sinabing anuman, at tinapos ni Sam ang pag-set up ng aking computer. Nakahinga ako nang maluwag na nakalipas na ang insidente, pero nininerbyus ako ngayon na kontakin ang IT department kung may kailangan akong ipaayos o i-update. Ano'ng dapat kong gawin?

A Hindi katanggap-tanggap ang paggawi ni Sam. Hindi puwede sa lugar ng trabaho ang hindi angkop na paghipo. Dapat mong sabihin sa iyong manager, sa [People Function](#) (Human Resources) o sa [Business Integrity Team](#) ang tungkol sa iyong sitwasyon, o i-report ito sa [Ethics Hotline](#).

Q Kakasimula ko lang magtrabho sa KBR, at sa pangkalahatan, excited talaga ako. Kaya lang, may ginawa ang mga katrabaho ko na hindi ako naging komportable. Sa una kong meeting, napansin ko na parang nakatitig sa akin ang isa kong katrabaho, si Landon. Sa kalaunan sa araw na iyon, nakatanggap ako ng isang email mula sa kanya. Sa email, sinabi niyang nakita niya ang email address ko sa directory ng kumpanya dahil sa palagay niya ay maganda ako. Lumalabas na nahanap niya rin ang Instagram at Facebook page ko, dahil nakatanggap ako ng mga friend request mula sa kanya sa parehong account pag-uwi ko ng bahay ng gabing iyon. Nang makita ko siya kinabukasan, sinabi ko sa kanya na tigilan niya ang pagpapadala sa akin ng mensahe. Pagkatapos noon, napansin kong hindi ako kasama sa ilang meeting at nabawasan ang mga ibinibigay sa aking trabaho. Hindi ako sigurado kung magkaugnay ba ang mga isyu sa trabaho. Ano'ng dapat kong gawin?

A Dahil sineseryoso ng KBR ang panliligalig at paghihiganti, dapat na agad mong sabihin ang sitwasyon sa isang manager o sa [People Function](#) (Human Resources), o i-report ang bagay na ito sa [Business Integrity Team](#), [Legal Department](#) o sa [Ethics Hotline](#). Tutugunan ang usaping ito at may isasagawang pagtatanong para malaman kung nalabag ba ang Kodigo o ang iba pang patakaran ng KBR.

Maluwag Nating Tinatanggap ang Inclusion at Diversity

Naniniwala tayo na ang mga pagkakaiba-iba at pananaw ng bawat isa ay nagdadala ng mas magandang value sa ating mga team at tumutulong sa ating bumo ng mga solusyon para sa pinakamahihirap na problema. Nauunawaan natin na sa pamamagitan ng maluwag na pagtanggap sa ating mga pagkakaiba-iba at magkakasamang pagtatrabaho, mas innovative tayo, mas matatag, at mas ligtas. Nagtatagumpay ang ating mga team kapag binibigyan natin ng pagkakataon ang lahat na magbahagi ng ating boses. Ang mga diverse at inclusive na pananaw ay nagpapaganda sa ating mga desisyon at nagpapanatili sa ating reputasyon bilang isang napakagandang lugar ng trabaho. Patuloy tayong makakaenganyo ng talent at insight mula sa lahat ng uri ng tao. Sa pagsiguradong lahat tayo ay malayang makibahagi — sinuman tayo — ay nagpapaganda sa ating pagkamalikhain at sa trabahong nagagawa natin.

Paano Natin Maluwag na Tinatanggap ang Inclusion at Diversity

- Palaging isaalang-alang ang pagkakaiba-iba kapag bumubuo ng mga team
- Malinaw na makipag-ugnayan sa lahat ng miyembro
- Aktibong humingi at tumanggap ng iba't ibang punto-de-bista para sa paghahanap ng solusyon
- Makinig sa lahat ng punto-de-bista at pananaw
- Nagsasalita kung nadarama nating hindi iginagalang ang ating mga pananaw o ang mga pananaw ng iba



Matuto Pa

[Stuart Bradie Signs CEO Action
for Diversity and Inclusion Pledge I KBR](#)



Pagsasakatu- paran Nang May Integridad

- Iniiwasan Natin ang Pagkakasalungatan ng Interes
- Iniiwasan Natin ang Panunuhol at Katiwalian
- Nagbibigay at Tumatanggap Tayo ng mga Pagpapakita ng Kagandahang-loob sa Responsableng Paraan
- Nagsasagawa Tayo ng Internasyonal na Negosyo at Kalakalan Nang May Integridad
- Nakikipagkumpitensya Tayo Nang Patas
- Nagsasagawa Tayo ng Trabaho Nang Matapat

Iniiwasan Natin ang Pagkakasalungatan ng Interes

Bilang isang team ng mga team, hindi natin kailanman inuuna ang mga personal na interes kaysa sa kapakanan ng KBR. Nagbibigay tayo ng mga pinakamahuhusay na solusyon kapag hindi natin pinapahintulutan ang ating mga personal na relasyon o iba pang interes na makaapekto sa ating pagdedesiyon. Tayo ay matapat, etikal, at transparent sa paghawak ng mga aktwal o potensyal na pagkakasalungatan ng interes. Kahit pa ang mukha lang pagkakasalungatan ng interes ay puwedeng magdulot ng mga panganib sa reputasyon ng KBR at makaapekto sa moral ng ating lugar ng trabaho.

Paano Natin Iniiwasan ang Pagkakasalungatan ng Interes

- Gumawa ng mga desisyon nang walang kinikilingan at paboritismo
- Manatiling alerto sa mga sitwasyon, relasyon o mga aktibidad na nakakaapekto sa ating pagiging objective
- Agad na i-disclose ang anumang potensyal na pagkakasalungatan ng interes sa isang manager, sa [Legal Department](#) o sa [Business Integrity Team](#); mahalaga ang transparency sa mga potensyal na pagkakasalungatan ng interes
- Alisin natin ang ating sarili sa mga desisyon na nagsasangkot ng mga posible nating pagkakasalungatan ng interes
- Huwag tayong makibahagi sa pag-hire o paggawa ng negosyo sa sinumang may malapit na kaugnayan sa atin
- I-disclose ang pinansyal nating interes na salungat sa mga interes ng KBR
- Sundin ang lahat ng proseso sa pag-report na natatangi para sa mga board member, CEO at senior management, at mga empleyado na nangangasiwa sa paggamit ng mga pondo o asset ng KBR
- Gumamit ng mga proseso para tulungan ang kumpanya na maiwasan ang mga organisasyonal na pagkakasalungatan ng interes

Pag-unawa sa Pagkakasalungatan ng Interes

Ang isang pagkakasalungatan ng interes ay maaaring bumangon kapag ang ating personal na kaugnayan o interes ay hindi naaayon sa kapakanan ng KBR, na puwedeng makaimpluwensya sa ating pagiging objective. Mayroon itong iba't ibang anyo:

- Pagganap bilang director o consultant ng isang hindi KBR na entity
- Pagkakaroon ng isang pinansyal na interes sa posibleng kakumpitensya, customer o supplier
- Pakikisangkot sa mga personal na transaksyon sa pinansyal kasama ng iba pang empleyado, vendor o partner ng negosyo
- Pagkakaroon ng ikalawang trabaho na salungat sa kapakanan ng KBR o naglilimita sa pagsasagawa ng trabaho
- Pag-hire o pag-supervise sa isang malapit na kamag-anak
- Pagsasagawa ng negosyo ng KBR sa isang supplier na isang malapit mong kamag-anak
- Pagkakaroon ng romantikong relasyon sa isang katrabaho, lalo na kung nasa ilalim siya ng pangangasiwa mo



Mga Taong May Integridad

Bilang mga taong may integridad na nagpapahalaga sa katapatan, alam nating hindi na kailangang itago ang isang potensyal na pagkakasalungatan ng interes. Available ang iyong manager, ang [Legal Department](#) at [Business Integrity Team](#) para magbigay ng gabay. Tandaang kahit ang mukha lang pagkakasalungatan ng interes ay maaaring makasama sa reputasyon namin at reputasyon mo. Palaging i-disclose ang mga potensyal na pagkakasalungatan ng interes at humingi ng payo kung hindi ka sigurado.

Pagpili sa Integridad

Minsan, maaaring magdala ng pagkakasalungatan ng interes ang isang oportunidad. Maaaring para sa iyo lang ang isang oportunidad, o puwedeng para ito sa KBR. Pag-isipan ang mga tanong sa kanan para makatulong na magdesisyon kung posible bang may bumangong pagsasalungatan ng interes.

Pagbibigay ng mga Sagot

Q Labindalawang taon na akong engineer sa KBR. Nakaabot ng mahalagang milestone ang aking team, at gusto ko silang bigyan ng reward. Sa palagay ko maganda ang isang team dinner. May isang catering business ang aking kapatid at kaya niyang mag-cater sa malalaking grupo. Puwede ko ba siyang kausapin para sa pag-cater sa aming dinner?

A Hindi. Puwede itong maging isang pagkakasalungatan ng interes. Hindi natin puwedeng gamitin ang ating posisyon sa KBR para sa pagsasagawa ng negosyo kasama ng isang malapit na kapamilya, kahit pa hindi kakumpitensya ng negosyo ng kapamilyang iyon ang ating negosyo. Puwede mong ipakipag-usap ang iyong sitwasyon sa iyong manager o sa [Legal Department](#). Kung hindi ka kasama sa mga magdedesisyon tungkol sa negosyo ng kapatid mo, puwede isaalang-alang ng KBR na gamitin ang kanyang mga catering service para sa mga event sa hinaharap.



Matuto Pa

[Outside Business at Conflicts of Interest Form](#)

Mag-click sa isang sagot sa bawat tanong sa iba para makatulong sa iyo na magpasya kung mayroon bang posibleng pagkakasalungatan.

Sangkot ba sa personal na oportunidad ang isang supplier, kakumpitensya o partner sa negosyo ng KBR, o nasa kapereho ba ng sa KBR ang uri ng negosyo?

Makakabawas ba ang personal na oportunidad o makakaapekto ba ito sa kakayahan mong magsagawa ng tungkulin mong trabaho sa KBR?

Makakaapekto ba ang personal na oportunidad sa kakayahan mong gumawa ng makatwirang desisyon sa negosyo sa ngalan ng KBR o magiging dahilan para makipagkumpitensya ka sa KBR?

Kasangkot ba ang isang kapamilya sa pagbibigay ng oportunidad sa KBR?

Magiging mahirap ba sa iyong gumawa ng makatwirang desisyon sa negosyo sa ngalan ng KBR, o lalabas ba sa paningin ng iba na hindi makatwiran ang anumang desisyon?

Iniiwasan Natin ang Panunuhol at Katiwalian

Kapag bumubuo at nagpapanatili ng mga ugnayan sa negosyo, palagi tayong nagdadala ng positibong resulta sa pamamagitan ng integridad. Ipinagbabawal natin ang pagbibigay o pagtanggap ng mga suhol o hindi naaangkop na pagbabayad sa ilalim ng anumang sitwasyon. Nakakasama ang katiwalian sa mga komunidad kung saan tayo nagsasagawa ng negosyo at puwede itong mauwi sa mga multa at pati na pagkakakulong. Puwede rin itong makasira sa ating reputasyon. Anuman ang kostumbre o batas, saanman tayo nagsasagawa ng negosyo sa buong mundo, hinding-hindi natin isinasantabi ang ating mga pinaninindigan. Habang patuloy tayong nag-e-evolve, mananatili pa ring gaya ng dati ang ating integridad.

Paano Natin Iniiwasan ang Panunuhol at Katiwalian

- Huwag na huwag gagawa, mag-aalok, magpapahintulot o tatanggap ng hindi naaangkop na pagbabayad, kasama na ang mga kickback, suhol o payoff
- Maging ekstrang ingat tungkol sa mga hindi naaangkop na pagbabayad kapag nagtatrabahong kasama ng mga empleyado ng gobyerno
- Magsagawa ng angkop na batay sa risk na paunang pag-iimbestiga sa mga partner sa negosyo, pati na sa mga entity na pagmamay-ari ng gobyerno, bago makisangkot
- Huwag na huwag gagamit ng third party para magsagawa ng pagbabayad na hindi natin mismo puwedeng gawin
- Agad i-report ang anumang alalahanin tungkol sa posibleng hindi naaangkop na pagbabayad
- Huwag na huwag magbayad para mapadali o mapabilis ang proseso, na mga pagbabayad sa mga opisyal ng gobyerno para pabilisin o siguruhin ang pagsasagawa ng isang karaniwang gawain ng gobyerno na hindi ayon sa pagpapasya ng isa (nondiscretionary)
- Sundin ang lahat ng patakaran o proseso ng KBR laban sa katiwalian, partikular na tungkol sa mga kinakailangan sa pag-apruba at dokumentasyon para sa ilang partikular na transaksyon



Ano ang Panunuhol o Hindi Angkop na Pagbabayad?

Ang panunuhol o hindi naaangkop na pagbabayad ay direkta o hindi direktang pag-aalok, pagbibigay o pagtanggap ng pera, mga regalo o anumang may halaga para impluwensyahan ang isang tao na gawin ang isang bagay na hindi naaangkop, ilegal, lumalabag sa kanyang tungkulin, o para siguruhin ang isang hindi naaangkop na advantage.


Puwedeng may iba't ibang klase ng mga panunuhol at hindi naaangkop na pagbabayad at puwedeng kabilangan ng mga tangible item (mga regalo) at intangible (mga pangako) bilang karagdagan pa sa mga pagpapalitan ng halaga ng pera. Puwedeng bumangon ang mga hindi naaangkop na pagbabayad kapag nakikipagnegosasyon sa mga foreign official, sa mga kontrata sa gobyerno, o sa komersyal na negosyo. Kung nag-iisip kung may kasangkot bang hindi naaangkop na pagbabayad, i-report ang iyong alalahanin sa miyembro ng [Legal Department](#) — pati na sa [Anti-Corruption Compliance](#) at [Business Integrity Teams](#) — o sa [Ethics Hotline](#).



Matuto Pa
[Anti-Corruption Compliance](#)
[Anti-Corruption Procedures](#)

Pagpili sa Integridad

I-click ang bawat bilog para malaman ang higit pa tungkol sa iba't ibang uri ng mga hindi naaangkop na pagbabayad.



Nagbibigay at Tumatanggap Tayo ng mga Pagpapakita ng Kagandahang-loob sa Responsableng Paraan

Bilang mga pinagkakatiwalaang partner para sa ating mga kliyente, hindi tayo kailanman nagbibigay o tumatanggap ng mga regalo o iba pang pagpapakita ng kagandahang-loob para impluwensyahan ang isang desisyon sa negosyo. Kahit na mukha lang impluwensya ay puwedeng makasama sa ating reputasyon. Kahit pa minsan ay nagbibigay tayo ng pagpapakita ng kagandahang-loob bilang karaniwang bahagi ng paggawa natin ng negosyo at pagpapatatag ng mga ugnayan, hinding-hindi natin ito hinahayaang makaapekto sa ating pagpapasya sa negosyo. Ang ating tagumpay ay batay sa magandang naisasakatuparan natin sa pamamagitan ng ating mga tao, sa ating integridad, at sa ating mga innovative na solution. Hindi tayo kailanman nag-aalok o tumatanggap ng hindi naaangkop na pagpapakita ng kagandahang-loob.

Paano Tayo Nagbibigay at Tumatanggap ng mga Pagpapakita ng Kagandahang-loob sa Responsableng Paraan

- Hinding-hindi tayo nagbibigay o tumatanggap ng extravagant o madalas na pagpapakita ng kagandahang-loob (hal., mga regalo, hospitality, biyahe o iba pang entertainment) para sa o mula sa mga third party
- Huwag na huwag magbibigay o tatanggap ng cash o katumbas ng cash, kagaya ng mga gift card
- Huwag na huwag magre-request ng mga pagpapakita ng kagandahang-loob mula sa mga third party
- Huwag na huwag tatanggap ng mga pagpapakita ng kagandahang-loob mula sa isang supplier o sa potensyal na supplier na kasalukuyang sumasailalim sa evaluation o sa isang tao kung kanino tayo nakikipagnegosasyon dahil puwede itong magmukhang hindi naaangkop na gawain
- Sumunod sa mga Anti-Corruption Procedure ng KBR, na nagtatakda ng mga sitwasyon kung kailan puwedeng magbigay o tumanggap ng mga regalo, hospitality, biyahe o entertainment, kagaya ng kapag puwedeng magpakita tayo ng kagandahang-loob sa mga pampublikong opisyal at empleyado ng gobyerno

Makatwiran at Kostubreng Pagpapakita ng Kagandahang-loob

Ang mga makatwiran at kostubreng business meal, entertainment, at mga regalo ay maaaring ibigay o tanggapin basta't hindi magpapakita ang regalo o pagtanggap ng hindi naaangkop na gawain at naaayon sa ating mga proseso. Ang lahat ng gayong aktibidad ay dapat na i-report, paaprubahan, at gastusin nang naaayon sa mga proseso natin. Kung wala ang isang partikular na proseso, dapat na patiunang i-report at paaprubahan sa supervisor ang pagpapakita ng kagandahang-loob.

Pagbibigay ng mga Sagot

Q

Sa procurement ang trabaho ko. Pinapayagan ba akong tumanggap imbitasyon mula sa isang supplier para sa isang pananghalian para talakayin ang negosyo?

A

Depende 'yan. Ang isang pananghalian para sa ng negosyo ay malamang na maging makatwiran at kostumbreng pagpapakita ng kagandahang-loob. Kaya lang, kung isasaalang-alang ang iyong tungkulin sa procurement, kung saan may kakayahan kang impluwensyahan ang mga pagkakaloob ng negosyo, dapat kang lalo nang mag-ingat. Palaging kumuha ng pag-apruba at sundin ang mga proseso sa pag-reimburse.

Ang mga legal na requirement na may kinalaman sa mga pagpapakita ng kagandahang-loob sa negosyo ay posibleng maging mas mahigpit sa mga kontrata sa gobyerno kaysa sa mga komersyal na kontrata. Dapat tayong sumunod sa mga requirement kapag nasasangkot ang mga kontrata sa gobyerno.

Nagsasagawa Tayo ng Internasyonal na Negosyo at Kalakalan Nang May Integridad

Naglalapad ang KBR ng matataas na pamantayan ng integridad saanman tayo nagsasagawa ng negosyo, sa buong mundo. Nakakatulong sa atin ang pagsasagawa ng internasyonal na negosyo nang may integridad habang nagsisikap tayong gumawa ng mas maganda at mas ligtas na mundo. Hindi tayo kailanman lumalabag sa mga internasyonal na batas sa pakikipagkalakalan, kung saan kasama ang mga batas sa pag-export at pag-import, pati na mga sanction at embargo. Puwedeng mag-iba ang mga batas na ito depende sa lokasyon, at responsibilidad natin ang alamin at sundin ang mga ito. Ang pagkabigong sumunod ay maaaring humantong sa malulubhang pinsala sa reputasyon, mga multa, at pati na pagkakakulong.

Paano Tayo Nagsasagawa ng Internasyonal na Negosyo at Kalakalan Nang May Integridad

- Huwag na huwag makikipagnegosyo sa ibang bansa nang hindi muna inalam ang mga batas at regulasyon sa pakikipagkalakal
- Sumunod sa lahat ng batas at regulasyon sa pakikipagkalakal
- Alamin kung ang pagbabahagi ng teknikal na data sa isang banyaga ay maituturing na pag-export
- Siguruhing nakuha natin ang anumang kinakailangang lisensya sa pag-export, lisensya sa pag-import at iba pang awtorisasyon
- Sumunod sa lahat ng regulasyon sa anti-boycott ng U.S.
- Sumunod sa lahat ng sanction at iba pang paghihigpit na ipinataw ng Office of Foreign Assets Control (OFAC) ng U.S. Department of the Treasury at ng mga awtoridad sa pag-sanction ng gobyerno ng ibang bansa
- Kumonsulta sa International Trade Compliance Office (ITCO) ng KBR Legal Department para sa gabay tungkol sa lahat ng usapin na nauugnay sa pakikipagkalakalan
- Sundin ang lahat ng patakaran at proseso ng KBR kaugnay ng internasyonal na pakikipagkalakalan



Matuto Pa
[Export Compliance Manual](#)
[International Trade Compliance Office](#)

Nakikipagkumpitensya Tayo Nang Patas

Nagbibigay tayo ng mga solusyon na nakakatulong sa ating mga customer sa buong mundo na maabot ang mga pinakamahalaga nilang layunin, at makukuha natin ang negosyo nang patas. Itinutulak tayo ng bukas at patas na kumpetisyon na maging ang pinakamahasay natin, na nagtutulak sa atin na mag-innovate. Hindi tayo kailanman naghahangad ng mga hindi patas na advantage sa marketplace. Hindi lang ito makakasama sa ating mga kaugnayan sa ating mga customer at partner sa negosyo, pero puwede rin itong humantong sa mga malulubhang legal na kakahinatnan.

Paano Tayo Nakikipagkumpitensya Nang Patas

- Sumunod sa lahat ng naaangkop na batas sa antitrust at kumpetisyon
- Huwag kailanman talakayin o makipagkasundo sa isang kakumpitensya tungkol sa:
 - Mga presyo
 - Tuntunin ng pagbebenta o serbisyo
 - Distribusyon
 - Mga teritoryo
 - Mga customer
- Humiling ng gabay mula sa [Legal Department](#) ng KBR makibahagi sa pagpapalitan ng impormasyon sa mga kakumpitensya sa pamamagitan ng mga asosasyon sa pakikipagkalakalan o meeting sa industriya
- Huwag na huwag magbibigay ng maling pahayag tungkol sa mga produkto o serbisyo ng mga kakumpitensya
- Agad na i-report sa [Legal Department](#) ng KBR ang anumang pagtatangka ng kakumpitensya na pumasok sa isang legal na kasunduan o anumang impormasyon sa presyo o bid na natatanggap natin mula sa isang kakumpitensya



Pagbibigay ng mga Sagot

Q

Nagtatrabaho ako sa isang Business Development. Sa isang kamakailang trade show, nakita ko ang isang dating katrabaho na nagtatrabaho na ngayon para sa isang kakumpitensya. Inimitahan niya ako na sumali sa isang hiwalay na meeting kasama ng isang grupo sa industriya para magpalitan ng mga proseso sa negosyo at performance metrics para sa layunin ng pag-benchmark. Dapat ba aking dumalo sa meeting?

A

Ang pagbibigay ng impormasyon ng KBR sa mga kakumpitensya ay maaaring lumabag sa mga batas sa antitrust, kahit pa ang layunin ay ang magtatag ng mga industry benchmark. Kumonsulta sa [Legal Department](#) bago magpasyang dumalo.

Nagsasagawa Tayo ng Trabaho Nang Matapat

Hindi tayo takot na harapang humarap sa mga hamon, pero ginagawa natin iyon sa matapat na paraan. Nagtatatag tayo at nagpapanatili ng tiwala sa ating mga customer at partner sa negosyo sa pamamagitan ng matapat na pagrepresenta sa KBR. Bilang mga empleyado, may access din tayo sa mga asset na naipundar ng KBR sa buong mahabang kasaysayan nito. Ginagamit natin ang mga asset at resources na ito para lang sa mga layunin ng negosyo. Ang anumang walang ingat o mapanlokong paggamit ng ating mga asset ay nagpapahina sa ating kakayahang maging ang pinakamahusay natin.

Paano Tayo Nagsasagawa ng Trabaho Nang Matapat

- Magbigay ng mga matapat na detalye tungkol sa ating mga produkto at serbisyo sa lahat ng ating mga pang-marketing na materyal
- Huwag na huwag magbigay ng maling detalye o mag-oversell kapag nakikipagnegosasyon sa mga customer at partner sa negosyo
- Tumpak na tanyahin ang lahat ng timeline sa pagpapatupad, at matapat na ipagbigay-alam ang mga pagbabago
- Huwag na huwag sisiraan ang mga kakumpitensya kapag nagha-highlight ng ating mga solution
- Gamitin ang mga asset ng KBR, kasama na ang fund, para lang sa mga layunin ng negosyo
- Huwag na huwag gagamitin ang fund o ibang asset ng KBR para sa hindi naaangkop na paraan
- I-report ang mga gastusin at oras na itinrabaho nang matapat at tumpak


Pagbibigay ng mga Sagot

Q Sa nakalipas na mga taon, naging mabuti akong kaibigan sa sales supervisor na si George. Lumabas kami noong nakaraang weekend kasama ng mga asawa namin at talagang naglibang kami. Napansin ko na ginamit ni George ang credit card ng kumpanya niya para bayaran ang aming kinain. Maya-maya ay tinanong ko siya, at sinabi niya na huwag mag-alala. Hindi pa rin ako komportable dahil hindi ako sigurado kung wasto bang paggamit iyon ng fund ng kumpanya. Angkop nga ba?

A Hindi. Hindi dapat ginamit ng supervisor mo ang card ng kumpanya para magbayad sa isang personal na gastos. Isang panloloko ang pagsusumite ng mga palsipikadong gastusin at ipinagbabawal ito ng Kodigong ito. Dahil supervisor mo si George, dapat mong gamitin ang [Ethics Hotline](#) para i-report ang isyu.

Q Bilang isang engineer na naka-assign sa proyekto ng pananaliksik, palagi kong inire-report ang mga oras ng pagtatrabaho ko nang tumpak at sa angkop na charge code. Kamakailan lang, tinanong ako ng manager ko na i-report ang oras ko gamit ang ibang charge code, kahit parang code ito para sa ibang proyekto ito na hindi ko pinagtrabahuan. Nagdadalawang-isip ako sa pag-report ng mga oras ko para sa ibang project code. Ano'ng dapat kong gawin?

A Dapat kang humingi ng paglilinaw mula sa manager mo. Kadalasang mayroong ilang charge code para sa parehong proyekto, at puwedeng mas gusto ng customer na gumamit ng ibang charge code. Gayunpaman, kung naghihinala kang hinihilingan kang mag-report ng mga oras sa ibang proyektong hindi mo pinagtatrabahuan, dapat mong i-report ang isyu sa isang department/project head, [People Function](#) (Human Resources), [Legal Department](#), [Business Integrity Team](#), o [Ethics Hotline](#).



Pagpapahalaga sa Ating mga Napakahalagang Asset

- Pinoprotektahan Natin ang Privacy at Personal na Impormasyon
- Iniingatan Natin ang Ating Reputasyon
- Pinoprotektahan Natin ang Kumpidensyal at Pagmamay-aring Impormasyon
- Iniiwasan Natin ang Insider Trading

Pinoprotektahan Natin ang Privacy at Personal na Impormasyon

Bilang isang malaki at pambuong mundong kumpanya, nagkokolekta tayo ng personal na impormasyon mula sa mga empleyado at kliyente sa buong panahon ng pagsasagawa natin ng negosyo. Kapag pinoprotektahan natin ang mga karapatan sa impormasyon at privacy ng ating mga stakeholder, ipinapakita nating pinapahalagahan natin sila. Nakukuha rin at napapanatili ang kanilang tiwala, na isang mahalagang bahagi ng patuloy nating pagtatagumpay. Pinoprotektahan natin ang personal na impormasyon at data na napakahalaga sa ating pagsulong. Ang ating multilayer na mga pananggalang ay pumoprotekta sa mga asset na impormasyon at tumitikay sa privacy at security ng personal at pangnegosyong impormasyon para sa lahat ng ating stakeholder ayon sa mga naaangkop na batas.

Paano Natin Pinoprotektahan ang Privacy at Personal na Impormasyon

- Siguraduhing mga awtorisadong user lang ang makaka-access sa ating mga information system
- Magbigay sa mga empleyado ng access sa data lang na kailangan nila sa kanilang trabaho
- Siguraduhing naka-store lang ang KBR data sa mga secure at aprubado ng KBR na device
- Huwag na huwag magbubukas ng mga kwestyunableng attachment sa email o hyperlink
- Magkolekta at mag-secure lang ng impormasyong nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan (personally identifiable information o PII) na kailangan para sa mga layuning pangnegosyo
- Sumunod sa lahat ng patakaran at proseso sa privacy at pagprotekta ng data

Personal na Impormasyon

Maraming anyo ang personal na impormasyon. Kasama sa mga halimbawa ang mga sumusunod:

- Buong pangalan
- Social Security number
- Driver's license number
- Credit card number
- Address ng tahanan
- Personal na email address
- Personal na phone number

Kasama sa personal na impormasyon ang bawat isang impormasyon na puwedeng tumukoy sa isang partikular na indibidwal. Gayunpaman, ang ibang uri ng impormasyon kapag pinagsama, ay puwede ring maging personal na impormasyon kapag ginamit para tukuyin ang isang partikular na tao. Ang ilan sa mga uring ito ng impormasyon ay ang:

- Petsa at lugar ng kapanganakan
- Phone number ng trabaho o negosyo
- Medikal na impormasyon
- Impormasyon tungkol sa edukasyon
- Lahi at relihiyon

Mag-ingat sa lahat ng uri ito ng impormasyon at siguraduhing ingatan ang mga ito.

Ang Ating Imprastruktura sa Komunikasyon

Inilalagay ng KBR ang malaking data nito sa mga imprastruktura sa komunikasyon, pati na ang personal na impormasyon. Nakakatulong sa atin ang mga computer, server, mobile device, software at iba pang teknolohiya sa pag-abot ng malawak na iba't ibang layunin sa negosyo. Kapag pinoprotektahan natin ang imprastrukturang ito, pinoprotektahan din natin ang lahat ng data na laman nito.

Iniingatan nating ligtas at secure ang lahat ng ating communication system sa lahat ng panahon. Ang ibig sabihin nito, ang pagpapaayos o pagpapalit ng mga device na luma na o may sira, pag-install ng lahat ng update kaugnay ng seguridad, paggamit ng mahigpit na password at iba pang proteksyon sa on at off site, at pagsunod sa lahat ng protocol para sa pag-transfer at pag-dispose ng data.



Matuto Pa
[Global Data Privacy Policy](#)
[Data Privacy and GDPR](#)

Iniingatan Natin ang Ating Reputasyon

Sa nakalipas na mahigit isang daang taon, itinayo ng KBR ang isang reputasyon para sa innovative na teknolohiya at mga solution. Para protektahan ang reputasyong iyan at ang ating mga kaugnayan sa negosyo, nakikipag-ugnayan tayo bilang isang team. Nararapat para sa mga stakeholder natin ang matatapat at magkakaugnay na komunikasyon tungkol sa KBR, at tinitiyak ng ating mga itinalagang tagapagsalita na maibibigay natin iyon. Karagdagan pa, palagi tayong maingat kapag binabanggit ang KBR sa social media.

Paano Natin Iniingatan ang Ating Reputasyon

- Idirekta ang mga pagtatanong ng tagalabas sa angkop na tauhan
- Huwag na huwag katawanin ang ating mga personal na pananaw bilang mga pananaw ng KBR sa social media o sa anupamang komunikasyon
- Ipakilala ang ating mga sarili bilang empleyado ng KBR kapag nag-e-endorse ng ating mga produkto o serbisyo
- Sundin ang Kodigo o iba pang patakaran ng kumpanya habang gumagamit ng social media para sa mga layuning pangnegosyong o kapag nagkokomento tungkol sa kumpanya kapag gumagamit ng mga personal o pangnegosyong account
- Sundin ang Patakaran sa Social Media ng KBR



Paggamit ng Social Media

Ang social media ay isang makapangyarihang tool para sa direktang komunikasyon, pagkalap ng impormasyon at pagbuo ng koneksyon. Ginagamit tayo ng social media para magbahagi ng ating mensahe at vision at para panatilihin ang iba na updated sa ating mga pag-innovate at kontribusyon.

Alam din nating puwedeng maging positibo o negatibo ang online na komunikasyon. Palagi tayong maingat sa kung ano ang ipino-post natin tungkol sa KBR. Hinding-hindi tayo nagpo-post ng hindi tumpak, o nagbabahagi ng kumpidensyal na impormasyon o kaya ay gumagamit ng social media sa paraang lumalabag sa Patakaran sa Social Media ng KBR. Karagdagan pa, hindi dapat maging hadlang ang social media sa ating mga responsibilidad sa KBR. Hindi nating hinahayaan na alisin ng personal na paggamit ng social media ang ating pokus sa trabaho.



Matuto Pa
[Social Media Policy](#)

Pinoprotektahan Natin ang Kumpidensyal at Pagmamay-aring Impormasyon

Dahil sa ating kumpidensyal at pagmamay-aring impormasyon, kabilang na ang intelektwal na ari-arian (intellectual property o IP) kaya tayo naiiba. Sa pamamagitan ng ating mga makabagong solution kaya naiiba tayo mula sa mga kakumpitensya natin, at dapat nating protektahan ang mga pinaghirapan nating insight at innovation. Tutulong sa atin ang mga asset na negosyo na ito para magpatuloy sa pagbibigay natin ng serbisyo sa ating mga customer at partner sa negosyo habang sumusulong tayo.

Bilang bahagi ng ating pagtatrabaho sa KBR, maaaring may maging access tayo sa kumpidensyal na impormasyon natin o ng ibang partner sa negosyo, pati na sa pagmamay-aring impormasyon ng ating mga kliyente. Hindi tayo kailanman walang ingat sa paghawak ng impormasyong ito. Ang hindi awtorisadong pagbabahagi ng kumpidensyal at pagmamay-aring impormasyon ay puwedeng makasama sa KBR at sa mga customer o makatulong pa nga sa ating mga kakumpitensya.

Paano Natin Pinoprotektahan ang Kumpidensyal at Pagmamay-aring Impormasyon

- Huwag na huwag gumamit ng kumpidensyal at pinagmamay-ariang impormasyon ng KBR o ng mga partner natin sa negosyo, maliban kung awtorisado ang paggamit
- Huwag na huwag idi-disclose ang kumpidensyal at pinagmamay-ariang impormasyon ng KBR, o ng sa partner sa negosyo, nang hindi muna humihingi ng awtorisasyon
- Huwag na huwag kumuha o gumamit ng anumang kumpidensyal o pinagmamay-ariang impormasyon ng KBR o ng mga partner natin sa negosyo kapag umalis sa KBR
- Huwag na huwag gagamit ng kumpidensyal o pinagmamay-ariang impormasyon mula sa mga dating trabaho habang nagtatrabaho sa KBR
- Sundin ang lahat ng paghihigpit sa mga copyright, patent, at trademark ng KBR, pati na ng sa iba
- Sundin ang lahat ng tuntunin sa paglilisensya kapag gumagamit ng mga asset ng third-party gaya ng business software
- I-secure ang lahat ng dokumento, data, at device sa pamamagitan ng matitibay na lock at password
- Huwag na huwag talakayin ang kumpidensyal na impormasyon sa mga pampublikong lugar, gaya ng mga elevator at cafe
- Siguruhing awtorisadong personnel lang ang makaka-access sa mga lugar ng trabaho, at palaging samahan ang mga bisita
- Ipatupad ang mga wastong proteksyon kapag nagtatrabaho sa labas ng opisina, pati na kapag nagtatrabaho sa bahay
- Agad na i-report ang anumang panghihimasok sa data o seguridad



Matuto Pa

[Critical Assets Management](#)

[Data/Document Classification and Management of Proprietary Information](#)

Iniiwasan Natin ang Insider Trading

Hindi palaging agad na inilalabas sa publiko ang ating strategic na impormasyon ng negosyo. Bilang isang pampublikong tini-trade na kumpanya, hindi tayo kailanman gumagamit o nagbabahagi ng gayong mahala at hindi pampublikong impormasyon para sa personal na pakinabang. Nagtitiwala rin ang mga partner natin sa negosyo na pangangalagaan natin ang kanilang impormasyon, at hindi natin kailanman sila bibiguin sa kanilang pagtitiwala. Anumang anyo ng insider trading, pati na “tipping” o pagbabahagi ng inside information, ay ilegal. Ang paggawa nito ay makakasama sa ating reputasyon at puwedeng mauwi sa malulubhang legal na parusa.

Paano Natin Iniiwasan ang Insider Trading

- Huwag na huwag magbabahagi ng inside information sa sinumang hindi taga-KBR, pati na sa mga kapamilya at kaibigan
- Huwag na huwag bibili o magbebenta ng mga share sa KBR o sa alinpamang kumpanya kung mayroon tayong inside at hindi pampublikong impormasyon
- Magbahagi lang ng inside information sa mga empleyado na kailangang makaalam nito para sa mga layunin ng negosyo
- Huwag na huwag mag-tip o magbahagi ng inside information sa sinumang hindi taga-KBR na puwedeng gumamit dito para bumili o magbenta ng mga security
- Huwag na huwag subukang magmanipula ng presyo ng stock sa pamamagitan ng pagpapakalat ng maling impormasyon



Inside Information

Maraming anyo ang mahalaga at hindi pampublikong impormasyon, o inside information. Isasapubliko rin sa kalaunan ang karamihan ng hindi pampublikong impormasyon.

“Inside” information ito kung hindi pa ito alam ng publiko. Nasa ibaba ang ilan sa mga halimbawa:

- Mga detalye ng isang nalalapit na merger o acquisition
- Mga espesyal na dibidendo
- Launch ng isang bagong produkto o hindi pa alam ng publiko na impormasyon tungkol sa mga bagong proyekto
- Mga pampinansyal na resulta ng KBR
- Impormasyon tungkol sa kasalukuyang nangyayaring paglilitis
- Mga natuklasan mula sa isang imbestigasyon o pag-audit
- Mahalaga at hindi pampublikong impormasyon tungkol sa iba pang kumpanya, kabilang ang ating mga kliyente, na puwedeng nalaman natin dahil sa tungkulin natin sa KBR

Pagsasakatu- paran Nang May Transparency

- Nagtatrabaho Tayo sa Etikal at Transparent na Paraan Kasama ng mga Customer sa Gobyerno
- Nagtatrabaho Tayong Kasama ng mga Supplier at Third Party sa Etikal na Paraan
- Nagpapanatili Tayo ng mga Tumpak na Record at Account

Nagtatrabaho Tayo sa Etikal at Transparent na Paraan Kasama ng mga Customer sa Gobyerno

Pribilehiyo natin ang makapagbigay ng mga solution sa gobyerno ng U.S. at iba pang gobyerno sa buong mundo. Nauunawaan natin na kasama sa trabaho sa gobyerno ang pagsunod sa mga espesyal na responsibilidad at legal at etikal na obligasyon, at lubusan nating tinatanggap ang mga ito. Nalalapat ang ating matataas na pamantayan ng integridad sa lahat ng customer, pero lalo na tayong maingat sa pagtupad ng mga obligasyon na binayaran gamit ang pera ng publiko. Sumusunod ang KBR sa lahat ng naaangkop na batas at regulasyon may kaugnayan sa mga kontrata sa gobyerno. Ang hindi pagsunod sa mga batas at regulasyon na ito ay maaaring makasama sa mga kasalukuyan at panghinaharap na kontrata sa gobyerno.

Paano Tayo Nagtatrabaho sa Etikal at Transparent na Paraan Kasama ng mga Customer sa Gobyerno

- Lubusang tugunan ang lahat ng commitment
- Ibahagi ang lahat ng aspekto ng isang kontrata nang walang itinatago, pati na ang mga gastusin at iskedyul ayon sa kinakailangan
- Wastong pamahalaan ang mga kontrata at magbigay ng sapat na pangangasiwa para sa performance ng trabaho
- Huwag na huwag mag-aalok ng anumang bagay na mahalaga sa mga opisyal o empleyado ng gobyerno ng mga ahensya ng estado na lumalabag sa mga naaangkop na batas at regulasyon
- Magpanatili at magsumite ng tumpak at matapat na mga record, pati na pag-report ng mga oras ng pagtatrabaho
- Huwag na huwag magsusumite ng mga hindi totoong claim, pahayag o misrepresentasyon sa mga customer o sa alinpamang dokumento ng gobyerno
- Makibahagi sa lahat ng kinakailangang pagsasanay kaugnay ng mga kontrata sa gobyerno
- Sumunod sa lahat ng mga batas, patakaran at pamamaraan sa procurement
- Siguruhing alam ng lahat ng empleyado, vendor, at kontratista ang tungkol sa, at sumusunod sa, Kodigo ng Paggawi sa Negosyo at Supplier Code of Conduct ng KBR



Matuto Pa

[Contractor Code of Business Ethics and Conduct Compliance Policy](#)



Nagtatrabaho Tayo Kasama ng mga Supplier at Third Party sa Etikal na Paraan

Naghahatid tayo ng napakahusay at sustainable na value sa lahat ng ating stakeholder. Para masigurong hindi tayo kailanman nagkokompromiso sa commitment na ito, nagtatrabaho tayong kasama ng mga supplier at third party na tulad din nating may matataas na pamantayan. Palagi nating inuuna ang pinakamagandang value kapag nagtatatag at nagpapanatili ng mga ugnayang pangnegosyo, nang hindi isinasakripisyo ang ating integridad. Para protektahan ang ating reputasyon para sa kalidad at integridad, patas at mabusisi tayo kapag nagtatrabahong kasama ng mga supplier at third party.

Paano Tayo Nagtatrabaho Kasama ng mga Supplier at Third Party sa Etikal na Paraan

- Patas na pakitunguhan ang lahat ng supplier at third party, anuman ang laki ng halaga sa negosyo ng ugnayan
- Maghanap ng mga supplier at third party na naninindigan din sa mga pamantayan natin at at na makakatulong sa ating matupad ang mga layunin natin sa negosyo
- Pumili ng mga supplier at third party base sa mga walang pinapaborang pamantayan, gaya ng presyo, kalidad, availability at teknikal na kahusayan
- Bukas at matapat na makipag-ugnayan para lutasin ang mga maaaring lumitaw na usapin sa negosyo
- Siguraduhing etikal, sumusunod sa batas, at sumusunod sa Supplier Code of Conduct natin ang mga supplier at third party na partner



Matuto Pa

[KBR Supplier Code of Conduct](#)

[Procurement and Supply Chain Management](#)

Nagpapanatili Tayo ng mga Tumpak na Record at Account

Ang pagpapanatili ng mga tumpak na record at account nang may integridad ay nagbibigay-daan sa ating planuhin ang hinaharap at nagbibigay ng kapanatagan sa ating mga stakeholder. Ang mga strategic na investment at desisyon ay nakadepende sa mga maingat na pinanatiling record at account, at gayon din sa pagsunod sa batas. Bilang pampublikong tini-trade na kumpanya, responsibilidad natin ang pagbibigay ng mga up-to-date at tumpak na record para sa mga investor at sa mga ahensya ng gobyerno alinsunod sa mga batas at regulasyon ng mga bansa kung saan tayo nagtatrabaho.

Paano Tayo Nagpapanatili ng mga Tumpak na Record at Account

- Ang pagpapanatili ng system ng mga internal na kontrol sa accounting na sapat para makapagbigay ng makatwirang kasiguruhan tungkol sa pagiging maaasahan ng pampinansyal na pag-report
- Sumunod sa mga karaniwan nang tinatanggap na mga prinsipyo sa accounting, mga kinakailangan ng batas, at lahat ng internal na kontrol
- Nagpapanatili tayo ng mga account, report, at resibo nang matapat at nang walang pagmamalabis
- Siguruhin na ang lahat ng record ng accounting, pati na ang lahat ng pagbabayad, ay tumpak at patas na nagsasalamin sa mga transaksyon at paggamit ng mga asset ng kumpanya
- Siguraduhin na ang lahat ng transaksyon ay awtorisado sa ilalim ng mga patakaran at proseso at sinusuportahan ng dokumentasyon sa pag-verify sa validity ng transaksyon
- I-record ang lahat ng asset, liability, revenue at gastos nang lubusan at nang nasa tamang oras, lalo na kung may kaugnayan sa mga financial statement, report, at data na inihahanda para sa o bilang bahagi ng internal, pampubliko, at pangregulasyong pag-uulat
- Huwag na huwag magse-set up ng fund o mga asset na lihim o hindi naka-record
- I-report ang anumang alalahanin tungkol sa mga hindi tumpak o nakapanlilinlang na record sa Internal Audit, Chief Accounting Officer, [Legal Department](#), [Business Integrity Team](#), o [Ethics Hotline](#)
- Sundin ang lahat ng nauunay na batas at regulasyon, kasama na ang Sarbanes-Oxley Act, Foreign Corrupt Practices Act at anumang naaangkop na regulasyon laban sa katiwalian o anti-money laundering



Bilang karagdagan sa mga pinansyal na record, maraming anyo ang mga record ng kumpanya. Kasama rito ang mga sumusunod:

- Mga email, liham, memoranda, post sa social media, text message at iba pang anyo ng pakikipag-ugnayan
- Mga patakaran at proseso
- Mga kontrata
- Mga report, analysis, formula, schedule, at presentasyon
- Mga file ng personnel

Kapag namamahala ng ating mga record, sinusunod natin ang ating mga schedule ng pagpapanatili. Itinatabi ang mga record sa loob ng ilang panahon para masiguro na makukuha ito kung kailangan. Karagdagan pa, sumusunod tayo sa lahat ng legal hold sa mga record ng kumpanya kapag kinakailangan.



Matuto Pa

[Content and Records Management Policy](#)



Pagpapahalaga sa Ating mga Komunidad

- Nagtatayo Tayo ng Sustainable na Hinaharap
- Iginagalang Natin ang mga Karapatang Pantao
- Nakikisangkot Tayo sa Ating mga Komunidad



Nagtatayo Tayo ng Sustainable na Hinaharap

Sa KBR, napakahalaga ng sustainability sa ating mga aktibidad. Ginagabayan nito ang ating mga pamamaraan sa pagsuporta sa ating mga komunidad, mga tao, at planeta para sa mga susunod na henerasyon. Patuloy tayong nagsisikap na bumuo ng mga innovative na bagong teknolohiya na may benepisyo sa ating planeta. Ang ating mga positibo sa planeta at sustainable na solution, gaya ng teknolohiya ng pag-recycle ng mga plastic, ay tumutulong sa paggawa ng circular economy at nagbibigay-daan sa atin na tulongan ang ating mga kliyente na maabot ang kanilang mga tunguhin sa sustainability. Nagsisilbing oportunidad ang bawat aktibidad sa proyekto at negosyo para labanan ang pagbabago ng klima at protektahan at ibalik ang dating ganda ng kapaligiran.

Paano Tayo Nagtatayo ng Sustainable na Hinaharap

- Magtuon sa mga target na inisyatibong batay sa siyensya para sa pagbabawas sa mga naibubugang greenhouse gas (GHG)
- Makibahagi sa United Nations Global Compact
- Bawasan ang negatibong impact sa kapaligiran habang sumusuporta sa muling pagpapaganda ng kapaligiran
- Gawing sentro ng kultura ng KBR ang mga pangkapaligiran at panlipunang haligi



Matuto Pa

[Global Sustainability Policy](#)

[Global Environmental Policy](#)

[KBR Sustainability Pillar Commitments](#)

[KBR Zero Harm](#)

[KBR Sustainability](#)



Iginagalang Natin ang mga Karapatang Pantao

Bilang isang pangglobong kumpanya, iginagalang at ipinapatupad ng KBR ang pinakamataas na pamantayan sa karapatang pantao at hindi nito kinukunsinti ang anumang anyo ng paglabag sa mga karapatang pantao. Kinikilala nating isang napakasamang krimen ang human trafficking, modernong pang-aalipin, at pagpapatrabaho sa mga bata. Sa libo-libong supplier sa daan-daang bansa, nagsasagawa tayo ng hakbang para masigurong iginagalang ang mga karapatang pantao saanman tayo nagsasagawa ng negosyo. Ang pagpapahalaga sa mga tao ay nangangahulugan ng pagprotekta sa dignidad ng tao sa lahat ng ating komunidad.

Paano Natin Iginagalang ang mga Karapatang Pantao

- Siguraduhing nakakatanggap ang lahat ng empleyado ng KBR ng patas at angkop na mga oras at kabayaran para sa trabaho sa ligtas na kondisyon
- Magsagawa ng paunang pag-iimbestiga para masigurong tumutupad ang mga supplier at third party sa mga pamantayan sa patas na pamantayan sa pagpapatrabaho at sa mga karapatang pantao
- Huwag na huwag gagamit ng bata sa o sapilitang pagpapatrabaho saanman sa mundo
- Gumamit lang ng mapagkakatiwalaang third-party na ahensya sa pagpapatrabaho at recruitment
- Agad na i-report ang mga posibleng paglabag sa karapatang pantao sa [Ethics Hotline](#), [Business Integrity Team](#) o [Legal Department](#)
- Sundin ang lahat ng naaangkop na batas, patakaran, at pamamaraan, at gawin ang lahat ng makakaya para protektahan ang dignidad pantao



Matuto Pa

[Global Human Rights Policy](#)

[Trafficking in Persons Policy](#)

Nakikisangkot Tayo sa Ating mga Komunidad

Sa KBR, naniniwala tayong responsibilidad natin ang maging isang positibong pwersa para sa pagbabago sa mundo. May pananagutan tayong gumawa ng pakinabang sa lipunan at mag-ambag sa kapakanan ng mga komunidad kung saan tayo nakatira at nagtatrabaho. Sa pag-abot sa ating misyon, palagi nating sinisikap na gumawa ng mas maganda at mas ligtas na mundo para sa lahat.

Paano Tayo Nakikisangkot sa Ating mga Komunidad

- Magboluntaryo at makibahagi sa mga kawangawang aktibidad
- Magsikap na gumawa ng nagtatagal na positibong epekto sa mga lokal na komunidad sa pamamagitan ng pakikipagtulungan, pagkonsulta, at komunikasyon
- Sumunod sa mga Anti-Corruption Procedure kapag nagbibigay ng donasyon sa ngalan ng KBR
- Pamahalaan ang mga pagsisikap sa pakikisangkot sa komunidad upang umayon ang mga ito sa ating mga responsibilidad sa etika at trabaho

Pagbabalik-Biyaya

Simula noong 2007, nakapag-ambag na ang KBR nang halos \$20 milyon para sa kapakinabangan ng mga layuning pangkawang-gawa sa buong mundo. Nagbigay ang ating mga tao ng mga donasyon na mga damit at supply sa paaralan sa mga mahihirap na bata, nakalikom ng libo-libong dolyar para sa mga regalo sa Pasko para sa mga nangangailangan, at tumulong sa paglilinis ng mga daluyan ng tubig at tabing-dagat sa buong mundo. Ilan lang ang mga ito sa mga halimbawa ng maraming paraan kung paanong ang ating mga tao ang sentro ng lahat ng ating ginagawa.

Pakikibahagi sa Pulitika

Tayong lahat ay may karapatang makibahagi sa pulitikal na proseso. Ang bukas na sistema ng pulitika ay nagdudulot ng mas patas na lipunan. Kapag nakikibahagi sa pulitika, tayo ay:

- Palaging sumusunod sa mga naaangkop na batas tungkol sa pulitikal na impluwensya at mga kontribusyon sa pangangampanya
- Palaging gawing malinaw na ang mga personal nating pananaw ay hindi kumakatawan sa mga pananaw ng KBR
- Huwag na huwag hayaang makagambala ang ating mga pulitikal na aktibidad sa ating mga responsibilidad sa trabaho
- Huwag na huwag pipilitin ang ating mga katrabaho na sumali sa mga pulitikal nating adhikain
- Huwag na huwag gagawa ng mga pulitikal na kontribusyon sa ngalan ng KBR



Mga Mapagdudulugan at Pag-uulat

Mga Mapagdudulugan at Pag-uulat

Bilang ONE KBR, nagkakaisa tayo sa ating layunin: ligtas na maisakatuparan ang anumang proyekto, anumang oras, sa anumang kapaligiran para sa kapakinabangan ng ating mga customer, shareholder, empleyado, at komunidad na pinaglilingkuran natin. Binibigyan tayo ng ating Kodigo ng mga gabay na kailangan natin sa pagsisikap na makamit ang tagumpay nang may integridad. Para sa higit pang impormasyon o gabay, kumonsulta sa mga mapagdudulugan sa ibaba.

Mga Pangkalahatang Mapagdudulugan

- [Business Integrity Team](#)
- [Legal Department](#)
- [Audit Services](#)
- [People Function](#) (Human Resources)
- [Health, Safety, Security and Environment](#)
- [Corporate Sustainability](#)



Mga Mapagdudulugan para sa pag-report

- Ethics Hotline
 - Web:
 - www.ethics.kbr.com
 - Tumawag sa:
 - United States: (800) 461-9330
 - United Kingdom: 0808 189 1053
 - Para sa mga numero ng telepono sa lahat ng bansa, kumonsulta sa www.ethics.kbr.com
 - I-text ang "Report" sa 832-479-1340 (Available lang sa U.S.)
- Email
 - FHOUKBR – CODE
 - fhoukbrcode@kbr.com
- Mail
 - Director of Business Integrity, KBR, Inc.
 - P.O. Box 2464, Houston, TX 77252-2464 USA





Delivering Solutions, Changing the World.SM